# PROSESO NG PAGHINGI NG TULONG SA DSWD- FIELD OFFICE 5 CRISIS INTERVENTION SECTION

## Paraan ng Paghingi ng tulong

Ang Proseso ng Pagbibigay ng tulong pinansyal, guarantee letter at iba pang tulong ay umaabot ng humigit kumulang sa 45 minuto bawat kliyente.

**Step 1**

Kumuha ng numero sa nakatalagang Officer of the Day ng DSWD.

**Step 2**

Pumunta sa tanggapan ng CIU na matatagpuan sa unang palapag ng Operation Division Building.
Hintaying tawagin ng Social Worker ang numero.
(2minuto)

**Step 3**

Lumapit sa taong tumawag ng numero o bilang na hawak upang alamin kung ito ang unang pagkakataon sa pag hingi ng tulong o meron ng record sa CIU. (2minuto)

**Step 4**

Pumunta sa tinalagang Social Worker kung saan maaaring sabihin at mapag-usapan ang hinihinging tulong at tingnan ang mga dalang dokumento kung naaayon sa hinihinging tulong. Ang kliyente ay papayuhang bumalik kung kulang o walang dokumento para sa hinihinging tulong.
Kasama sa mga iinterbyuhin ang mga nakahingi na ng tulong upang alamin kung papaano pa sila matutulungan batay sa problemang inilalahad o idinudulog.

**Step 5**

Ang Social worker ay gagawa ng rekomendasyon o nararapat na tugon sa tulong na hinihingi ng kliyente at ito ay papa-aprubahan sa Head ng Protective Services Unit kasabay ng pagberipeka sa mga dokumento.
(5minuto)

Kung ang tulong na hinihingi ay ipo-proseso sa tseke, ang kliyente ay pinaba-balik sa loob ng 3 araw para kunin ito sa Cash Unit.

Sa kaso ng mga strandees at urgent cases tulad ng medical, ang kliyente ay pinapapunta sa Cash Unit / SDO para tanggapin ang outright cash na tulong mula sa DSWD.

## Oras na tinatagal ng proseso

1. 45 minuto para sa pinansyal na tulong na kaagad makukuha.
2. 15-20 minuto para sa mga bibigyan ng guarantee letter o referral na dadalhin sa ibang institusyon o ahensiya.
3. 3-5 araw para sa tulong na ibibigay sa pamamagitan ng tseke.

### Mga taong maaaring tulungan

- Indibidwal/pamilya na nakakaranas ng krisis.
- Mahihirap na residente ng barangay na pinatutunayan ng barangay Chairman, at ini-refer ng MSWDO

MGA DOKUMENTONG KAILANGAN

### Mga tulong na binigay ng DSWD

- Pinansyal o material na tulong para sa medikal o pagpapagamot.
- Tulong pinansyal para sa pagpapalibing
- Transportasyon.
- Pag-aaral o edukasyon.
- Counseling o Pagbibigay ng Payo.
- Pagsagip sa mga bata o matanda na nalalagay sa mapanganib na sitwasyon.

### Para sa Medical Assistance

- Clinical Abstract o medical certificate na may pirma at numero ng lisensya (license/PTR No.) ng doctor.
- Laboratory request/medical procedures na inirerekomenda ng doctor sa pasyente.
- Bill ng hospital (kung para sa karagdagan pambayad ng bill)
- Valid ID ng humihiling ng tulong katulad ng driver's license, postal ID, school ID, voters ID, employment's ID o senior citizens ID.
- Kung walang ID, maaari ang barangay certificate of indigency.
- Sulat na pagbibigay ng pahintulot kung hindi pasyente ang humihingi ng tulong.
- Referral letter mula sa MSWDO/Endorsement letter mula sa Congressman/Senator

### Para sa Burial Assistance

- Rehistradong death certificate.
- Kontrata ng punerarya (funeral contract).
- Permit to transfer (kung iuuwi sa probinsya).
- Valid ID o barangay certificate.
- Referal/Endorsement letter.

### Para sa Transportation Assistance

- Barangay certificate of indigency o valid ID.
- Referral/Endorsement letter.

### Para sa mga Strandees

- Police Blotter

### Para sa Biktima ng Disaster (Sunog, Bagyo, Baha atbp.)

- Police Blotter/Brgy. Blotter
- Bgy. Certificate of Indigency
- Referral mula sa MSWDO/Endorsement letter mula sa Congressman/Senator.

### Para sa Educational Assistance

- Certificate of enrollment.
- Brgy.Certificate of Indigency.
- Referral letter from MSWDO/Endorsement letter..

### Karagdagang Dokumento

- Ang Social Case Study Report galing sa LGU ay hinihingi lamang kung kinakailangan.

*Ang mga kliyente na may agarang pangangailangan o mas mabigat na suliranin ay uunahing kausapin ng mga Social Worker.*

*Oras at Araw na bukas ang opisina: Lunes hanggang Linggo mula alas 8 ng umaga hanggang alas sinko ng hapon o higit pa hanggang mayroon pang mga kliyente na iinterbyuhin.*